

JHBMC. Mga Karapatan at Tungkulin ng Pasyente

Para maisulong ang kaligtasan ng pasyente, hinihikayat ka naming maging bukas sa iyong pangkat sa pangangalagang pangkalusugan, magkaroon ng sapat na kaalaman, at makibahagi sa mga pagpapasya sa pangangalaga at pagpili ng paggamot. Samahan kami bilang mga aktibong miyembro ng iyong pangkat sa pangangalang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga karapatan at tungkulin na nakalista sa ibaba para sa mga pasyente at kinatawan ng pasyente.

Ikaw o ang iyong itinalaga ay may karapatang:

Maigalang at Maalagaan nang Ligas

1. Mabigyan ng mapang-unawa, magalang, at nakikisimpatiyang pangangalaga.
2. Magkaroon ng kapamilya/kaibigan at doktor na aabisuhan sa oras na ikaw ay maospital.
3. Mabigyan ng pangangalaga sa isang ligtas na lugar, malayo sa pang-aabuso at kapabayaan (pasalita, mental, pisikal, o sekswal).
4. Maisailalim sa isang medikal na pagsasalang pagsusuri at mabigyan ng pang-stabilize na paggamot para sa mga emergency na medikal na kundisyon at pagle-labor.
5. Maging malaya mula sa mga limitasyon at pag-iisa maliban na lang kung kinakailangan para sa kaligtasan.
6. Malaman ang mga pangalan at trabaho ng mga taong nag-aalaga sa iyo.
7. Malaman kung may mga mag-aaral, residente, o iba pang trainee na nauugnay sa iyong pangangalaga.
8. Maigalang ang iyong kultura at mga personal na prinsipyo, paniniwala, at kagustuhan.
9. Makapunta sa mga espirituwal na serbisyo.
10. Makipag-usap sa Serbisyo sa Etika (Ethics Service) tungkol sa mga isyung may kinalaman sa iyong pangangalaga.
11. Magamot nang walang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, edad, kasarian, sekswal na oryentasyon, pagkakakilanlan o pagpapahayag ng kasarian, pisikal na kapansanan o kapansanan sa pag-iisip, relihiyon, etnisidad, wika, o kakayahang magbayad.
12. Mabigyan ng listahan ng mga pamprotekta at pansuportang serbisyo kung kinakailangan. Nakakatulong ang mga serbisyong ito sa ilang partikular na pasyente (hal., mga bata, nakakatanda, may kapanasanan) na magamit ang kanilang mga karapatan at maprotektahan mula sa pang-aabuso at kapabayaan.
13. Makatanggap ng impormasyon tungkol sa mga singilin ng ospital at doktor.
14. Humingi ng tinatayang singilin ng ospital bago mabigyan ng pangangalaga.

Epektibong Komunikasyon at Pakikibahagi sa Iyong Pangangalaga

15. Makatanggap ng impormasyon sa panahon ng iyong pagpapatingin sa isang paraang nauunawaan mo. Kasama rito ang tulong sa komunikasyon, gaya ng mga interpreter ng sign language at iba pang wika, pati na rin ang tulong sa paningin, pagsasalita, at pandinig nang walang bayad.
16. Makatanggap ng impormasyon mula sa iyong doktor / provider tungkol sa:
 - iyong diagnosis
 - iyong mga resulta ng pagsusuri
 - mga posible at hindi inaasahang resulta ng pangangalaga (pinagsama sa 1)

17. Makibahagi sa iyong plano ng pangangalaga at plano sa pag-discharge o humiling ng pagsusuri kaugnay ng plano sa pag-discharge anumang oras.
18. Isali ang iyong pamilya sa mga pagpapasya sa pangangalaga.
19. Magtanong at makatanggap ng sagot sa iyong mga tanong at kahilingan nang nasa oras.
20. Makontrol ang iyong pananakit.
21. Tumanggi sa pangangalaga.
22. Masamahan ng isang tao para sa emosyonal na suporta, maliban na lang kung ang taong iyon ay nakakasagabal sa mga karapatan, kaligtasan, o kalusugan mo o ng ibang tao.
23. Humiling ng sasama sa iyo sa mga eksaminasyon, pagsusuri, o pamamaraan.
24. Pumili ng tao o mga bisitang susuporta sa iyo, at baguhin ang iyong isip kaugnay ng kung sino ang maaaring bumisita.
25. Pumili ng taong magpapasya kaugnay ng iyong pangangalagang pangkalusugan kung dumating man ang panahong hindi mo na magawa ang mga iyon (at ilapat ang lahat ng karapatan ng pasyente sa taong iyon).

Mga Pasya sa Pagwawakas ng Buhay

26. Gumawa o magpalit ng paunang direktiba (na tinatawag ding living will o durable power of attorney para sa pangangalagang pangkalusugan).
27. Ipaalam ang iyong mga kagustuhan sa pagdo-donate ng organ at matupad ito, hangga't maaari.

May-kabatirang Pahintulot

28. Magbigay ng pahintulot (may-kabatirang pahintulot) bago ang anumang hindi pang-emergency na pangangalaga, kasama ang mga:
 - panganib at benepisyo ng iyong paggamot
 - alternatibo sa paggamot na iyon
 - panganib at benepisyo ng mga alternatibong iyon
29. Pumayag o tumangging maging bahagi ng pananaliksik na pag-aaral nang hindi naaapektuhan ang iyong pangangalaga.
30. Pumayag o tumangging makunan ng larawan para sa mga layuning iba pa sa iyong pangangalaga.

Pagiging Pribado at Kumpidensyal

31. Magkaroon ng pribado at kumpidensyal na paggamot at komunikasyon tungkol sa iyong pangangalaga.
32. Mabigyan ng kopya ng Notice of Privacy Practices ng HIPAA, na may impormasyon tungkol sa pag-access ng iyong medikal na talaan.

Mga Reklamo at Hinaing

33. Magreklamo at ipasuri ang iyong reklamo nang hindi naaapektuhan ang iyong pangangalaga. Kung mayroon kang problema o reklamo, maaari kang makipag-ugnayan sa iyong doktor, nurse manager, o isang department manager.
34. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Office of Patient Experience sa 410-550-0626.



35. Kung hindi ka makukuntento sa pagresolba ng iyong isyu, kasama sa iba pang panlabas na pangkat na maaari mong lapitan ang:

- **Organisasyon para sa Pagpapahusay ng Kalidad (Quality Improvement Organization, QIO) ng Ospital para sa mga pasya ukol sa saklaw o pag-apela ng maagang pag-discharge:**
KEPRO
Organization for Beneficiary Family Centered Care (BFCC-QIO)
5201 West Kennedy Blvd., Suite 900
Tampa, FL 33069
1-844-455-8708
- **Ahensya ng Estado:**
Maryland Department of Health & Mental Hygiene Office of Health Care Quality, Hospital Complaint Unit 7120 Samuel Morse Drive
Second Floor
Columbia, Maryland 21046
Toll free: 1-877-402-8218
- **Ahensyang Nagbibigay ng Akreditasyon:**
The Joint Commission Office of Quality and Patient Safety
One Renaissance Blvd.
Oakbrook Terrace, IL 60181
Fax: 630-792-5635
Gamit ang link na “Mag-ulat ng Kaganapan sa Kaligtasan ng Pasyente” sa “Action Center” sa home page ng website: www.jointcommission.org
- **Para matugunan ang mga alalahanin sa diskriminasyon, maaari ka ring maghain ng reklamo kaugnay ng mga karapatang sibil sa Departamento ng Mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao (Department of Health and Human Services) ng U.S.:**
Office for Civil Rights
200 Independence Ave., SW
Room 509F, HHH Building
Washington, DC 20201
1-800-368-1019
1-800-537-7697 (TDD)
OCRMail@hhs.gov
Makakakuha ng mga form para sa pagrereklamo sa:
<http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>

Tungkulin mong:

1. Magbigay ng tumpak at kumpletong impormasyon tungkol sa iyong kalusugan, address, numero ng telepono, petsa ng kapanganakan, insurance carrier, at pinagtatrabahuhan.
2. Tumawag kung hindi ka makakapunta sa iyong appointment.
3. Maging magalang sa iyong pangkat sa ospital, mula sa mga doktor, nurse at technician, hanggang sa mga taong naghahatid ng iyong pagkain at tagalinis.
4. Maging maingat sa iyong pananalita at asal pagdating sa ibang tao at ari-arian, kasama ang hindi pag-iingay, pagiging pribado, at bilang ng mga bisita.
5. Kontrolin ang iyong asal kung galit ka.

6. Bigyan kami ng kopya ng iyong paunang direktiba.
7. Magtanong kung mayroon kang hindi nauunawaan.
8. Iulat ang mga hindi inaasahang pagbabago sa iyong kalusugan.
9. Sundin ang mga panuntunan ng ospital.
10. Akuin ang responsibilidad para sa mga mangyayari kung may tatanggihan kang pangangalaga o kung hindi ka susunod sa mga tagubilin.
11. Iwanan ang mahahalaga mong gamit sa bahay.
12. Panatilihing pribado ang lahat ng impormasyon tungkol sa mga kawani ng ospital at iba pang pasyente.
13. Huwag kumuha ng mga larawan, video, o recording nang walang pahintulot ng mga kawani ng ospital.
14. Bayaran ang iyong mga bayarin o makipagtulungan sa amin para makahanap ng pambayad sa iyong mga pinansyal na obligasyon.

